Pangalan: Henry “Ahmad Al-ameen” S. Bausa
Paksa ng Khutbah: "Ang Tunay na Kaibigan"
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapwa ko alipin ng Dakilang Allah (Subhanahu wa Ta'ala). mapalad tayong lahat dahil tayo ay mga Muslim. Napabilang tayo sa Ummah ng Huling Sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Ang ating bansang Pilipinas noong taong 1380 ayon sa mga mananalaysay ng ating kasaysayan ay isa pong Muslim na bansa. Subalit nang dumating ang mga Kastila noong 1521, ang kalakhang Pilipinas ay naging Kristiyano. Sa kasalukuyan, ang mga Muslim ay humigit-kumulang sa 10% hanggang 15% ng populasyon ng Pilipinas. At marami sa mga Muslim ay hindi nagagampanan ang obligasyon ng isang Muslim o taong ang relihiyon ay Islam na ang pinakamalapit na kahulugan ay “PAGSUNOD, PAGTALIMA, AT PAGSUKO SA KAGUSTUHAN NI ALLAH ‘AZZA WA JAL”. Bilang mga Muslim ay dapat na ipalaganap natin ang mensahe ng Islam, ngunit paano natin ito magagawa kung tayo mismo, kasama na po ang aking sarili ay nakakalimot sa ating obligasyon bilang isang Muslim.

Isa sa mga mahahalagang bagay na dapat nating isabuhay ay ang pagturing sa ating kapwa Muslim bilang kapatid sa pananampalataya at isang tunay na “KAIBIGAN”. Sa kasalukuyang panahon, nakalulungkot man ngunit mayroong mga kapwa nating Muslim na hindi nagkakaunawaan at hindi nagkakaisa na nauuwi pa

ito sa mga mararahas na pangyayari, at nawawala na ang pagsasabuhay ng ating obligasyon na ituring ang ating kapwa Muslim na “awliya” o kaibigan.

Sinabi ni Allah sa Maluwalhating Qur-an:

﴿ إِنَّمَا وَلِيُّكُمُ اللَّهُ وَرَسُولُهُ وَالَّذِينَ آمَنُوا الَّذِينَ يُقِيمُونَ الصَّلَاةَ وَيُؤْتُونَ الزَّكَاةَ وَهُمْ رَاكِعُونَ ﴾
ٱلْمَائدَة: 55

***“Ang inyong mga ‘awliya’ ay walang iba kundi si Allah, ang Kanyang Sugo, at ang mga mananampalataya — sila na pinangangalagaan nila ang kanilang Salah, nagbibigay ng Zakah, at sila ay yumuyuko (sa pagsamba kay Allah).”*** (Al-Maidah: 55)

Sa Ayah na ito ay malinaw na itinuturo sa atin ni Allah na ang tunay na kaibigan (kapanalig at tagapagtanggol) ay ang mga Muslim na matatag ang pananampalataya, sumusunod sa mga Kautusan ni Allah, at isinasabuhay ang Islam sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa kasalukuyang panahon, lantaran nating nakikita ang mga kapatid na Muslim na nagkakagalit, nagtatalo, o hindi nagkakaunawaan na ang dulot nito sa ating mga lipunan ay pagkakawatak-watak. Ngunit ipinapaalala sa atin ng Islam na ang bawat Muslim ay magkakapatid.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"الْمُسْلِمُ أَخُو الْمُسْلِمِ لاَ يَظْلِمُهُ وَلاَ يَخْذُلُهُ وَلاَ يَحْقِرُهُ." (رواه مسلم)

*“Ang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim. Hindi niya ito inaapi, hindi niya ito pinababayaan, at hindi niya ito hinahamak.”* (Inulat ni Muslim)

Ang tunay na kaibigan ay nagdadala ng kabutihan sa kapwa. Tinatawag tayo ng Islam na maging mapagmalasakit, matapat, at mapagpatawad sa ating mga kaibigan at kapatid sa pananampalataya.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Ang tunay nating mga kaibigan at kapatid sa pananampalatayang Islam ay maaaring makasama natin sa Habag at Awa ni Allah (Subhanahu wa Ta'ala) at pasisilungin tayo sa lilim ng Kanyang "*'Arsh*" sa kabilang-buhay sa Araw ng Paghuhukom. Ang ating tunay na kaibigang Muslim ay maaaring makatulong sa atin kung siya ay nasa Paraiso at hinanap niya ang kanyang tunay na kaibigan. Kahit na nasa Impiyerno ang kanyang tunay na kaibigan ay uutusan ng Dakilang Allah (Subhanahu wa Ta'ala) ang mga Anghel na kunin siya sa Impiyerno at ipasok sa Paraiso upang makasama niya ang kanyang tunay na kaibigan.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"وَإِذَا رَأَوْا أَنَّهُمْ قَدْ نَجَوْا فِي إِخْوَانِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا إِخْوَانُنَا كَانُوا يُصَلُّونَ مَعَنَا وَيَصُومُونَ مَعَنَا وَيَعْمَلُونَ مَعَنَا فَيَقُولُ اللَّهُ تَعَالَى اذْهَبُوا فَمَنْ وَجَدْتُمْ فِي قَلْبِهِ مِثْقَالَ دِينَارٍ مِنْ إِيمَانٍ فَأَخْرِجُوهُ وَيُحَرِّمُ اللَّهُ صُوَرَهُمْ عَلَى النَّارِ." (رواه البخاري)

*"At kapag nakita nila na sila ay nakaligtas, sila ay magpapakiusap para sa kanilang mga kapatid, na nagsasabi: 'O aming Panginoon, ang aming mga kapatid ay nananalangin kasama namin, nag-aayuno kasama namin, at gumagawa kasama namin.' Kaya't sasabihin ni Allah na Kataas-taasan: 'Humayo kayo, at sinumang matagpuan ninyo sa kanyang puso ang bigat ng isang dinar ng pananampalataya, ilabas ninyo siya.' At ipagbabawal ni Allah ang kanilang mga mukha sa Apoy (ng Impiyerno)."* (Inulat ni Al-Bukhari)

Ganyan kahalaga ang tunay na kaibigan at kapatiran sa pananampalatayang Islam. Ang tunay na kaibigang Muslim ay kasama natin sa ating pagsasagawa ng Salah sa Masjid, kasama natin sa pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at sa mga mahahalagang okasyon ng ating pananampalatayang Islam. Palaganapin natin ang pagmamahalan at ituring natin na tunay na kaibigan ang mga Muslim sapagkat sila ang ating tunay na mga kapatid. Sila ang kapatid natin sa pananampalatayang Islam. Ito ay magsisilbing paalaala una sa akin at sa ating lahat na anuman ang kalagayan ng ating mga kapatid sa pananampalatayang Islam, sila ang ating mga tunay na kaibigan. Isabuhay natin

ang ating pagturing sa ating kapwa Muslim bilang tunay na kaibigan sapagkat ito ay ipinag-utos ng Dakilang Allah (Subhanahu wa Ta 'ala) at ng ating Huling Sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

عِبَادَ اللهِ، إنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ  يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***